PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
VOL. 21 NO. 06 APRIL 4 - 10, 2022 10.00

# 3 Caviteña entrepreneurs recognized in Women summit

**TRECE MARTIRES, Cavite (PIA) – Three women entrepreneurs from the province were recognized among seventeen inspiring Filipina awardees in the recently concluded Women 2022 Entrepreneurship Summit organized by Go Negosyo via Zoom and FB Live.**

Highlights during the activity held last Friday include awarding of the outstanding entrepreneurs as they shared how they inspired other women to start their own ventures based on inclusive, innovative and sustainable business models.




Presidential Adviser for Entrepreneurship and Go Negosyo Founder Joey Concepcion said, “"The Women 2022 Entrepreneurship Summit is timely because we have seen in the past how women entrepreneurs can be such a driving force in powering our economy.”

Serving as panellists for the women summit were outstanding women in their own chosen fields who also had been recognized for their achievements: Lia Francisco, Founder and CEO of CreditBPO; Anne Krsytle Yee, Co-Founder and CEO of Ecoingenuity Inc., and an ASEAN Business Awards 2021 Winner; Hon. YB Yanty Rahman, Co-Chairman of ASEAN BAC 2022 and Principal Architect and Director of the Eco Bumi Arkitek in Brunei.

Meanwhile, the three outstanding Caviteña entrepreneur awardees were: Woman Enabler- Philippine Commission on Women Chair Sandy Montano from Trece Martires City; Most Promising Micro Enterprise - Arlette Alvarado of Scarlet Enterprise from Bacoor; Most Promising Micro Enterprise - Catherine Diquit of Likhang Maragondon from Maragondon.

The women entrepreneurs had shown much resilience particularly in facing the challenges brought by the Covid-19 pandemic according to Joey Concepcion.

Such is Catherine Diquit of Likhang Maragondon whose business thrived amidst the pandemic and her toils were rewarded with the recognition: “For her valuable contribution in preserving, promoting and sustaining an enterprise that taps into traditional Filipino craftsmanship. She embraced a deeper purpose of empowering and inspiring other people to support local crafts and help preserve the town’s rich heritage.”

"We have to remember that MSMEs account for more than half of the jobs generated in the Philippines. Their recovery is our recovery," added Concepcion.

Concepcion assured Go Negosyo’s continued support to the MSMEs and expressed his wish that the successful winners be mentors and inspire others to succeed.

The women summit has been held yearly since 2007 and has since recognized more than 200 Filipina entrepreneurs. (Ruel Francisco with reports from Go Negosyo)








Sumailalim sa Basic Life Support at First Aid Training ang mga guro mula sa iba’t ibang paaralan sa bayan ng Naic noong Sabado.

Nilahukan ito ng tinatayang 84 guro mula aic Integrated National High School, Naic Coastal National High School, Pueblo Del Mar National High School, at Ciudad Nuevo de Naic National High School kung saan binigyan sila ng wastong kaalaman ukol sa pagbibigay ng first aid sa oras ng aksidente.

Ayon sa lokal na pamahalaan, mahalagang magkaroon sa kasanayan ang mga guro upang mabigyan ng paunang lunas ang kanilang mag-aaral. | via Municipality of Naic

## BILANG NG AKTIBONG KASO NG COVID-19 SA CALABARZON, BUMABA NA SA 282



Bumaba na sa 282 ang kabuuang bilang ng aktibong kaso ng COVID-19 sa rehiyon ng CALABARZON ayon sa pinakahuling talang inilabas ng Department of Health (DOH) Region 4-A nitong Sabado.

Nangunguna pa rin ang lalawigan ng Cavite na mayroong 102 aktibong kaso habang pumapangalawa ang Rizal na mayroong 70 aktibong kaso; kasunod ang Batangas, 46; Laguna, 45; Quezon Province, 18; at lungsod ng Lucena na kasalukuyang mayroong 1 aktibong kaso na lamang.

Samantala, nakapagtala naman ng 26 new recoveries ang buong rehiyon kahapon habang 2 naman nasawi dahil sa nasabing sakit.

Patuloy pa ring pinaaalalahanan ang publiko na sundin ang mga minimum health and safety protocols na itinakda ng pamahalaan upang makaiwas sa COVID-19.

Source: Department of Health CHD 4A





Mga larawan ng bagong kasal na sina Blessie at Alvin sa lungsod ng Tagaytay nitong Sabado kasabay nang pagtaas sa Alert Level 3 ng Bulkang Taal.

Ang naturang Postnuptial Shoot ay mabilisang isinagawa ni John Carlo Bagas Avelida, photographer, para sa kanyang mga kliyente na ikinasal ng umagang iyon.

Photos courtesy of John Carlo Bagas Avelida, JCBA Photography

ACCEPTING ADS - 0928-4682788 * E-mail add: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com


## Check-up Sa Lalaki

### Payo Ni Doc Willie Ong

Kung ikaw ay edad 40 pataas, kailangan mo ng check-up. Kung wala ka pang 40, pero may lahi ka ng sakit sa puso, diabetes o kanser, kailangan mo din magpacheck up ng maaga. Heto ang mga dapat tandaan:

1. Magpa-blood test bawat taon – Heto ang mga tests na dapat gawin. Complete blood count (para malaman ang dami ng dugo), creatinine (para sa kidneys), uric acid (para sa arthritis), cholesterol (para sa puso), fasting blood sugar (para sa diabetes), at SGPT (para sa atay).
2. Urinalysis – Para masuri ang kidneys at malaman kung may impeksyon sa ihi.
3. Chest X-ray - Para makita ang baga at puso. Kailangan ito kapag naninigarilyo ka o laging may ubo.
4. ECG - Para malaman kung may sakit sa puso.
5. Bantayan ang Prostate – Kapag nagkakaeded ang lalaki, lumalaki ang prostate. Minsan ay nagiging kanser pa ito. Ipa-check ang iyong PSA test para malaman kung may diprensiya o wala.
6. Bantayan ang Colon cancer – Para makaiwas sa colon cancer, kumain ng maraming gulay at prutas. Pag lampas ng edad 50, kailangan magpasilip sa puwit (sigmoidoscopy o colonoscopy). Ipa-check din ang dumi (stool exam with occult blood) para makasiguro na walang dugo sa dumi.
7. Ihinto ang paninigarilyo – Halos 60% ng kalalakihan ay naninigarilyo. Ang sigarilyo ay nagdudulot ng kanser sa bibig, lalamunan, baga at prostate. Mag-ingat.
8. Limitahan ang pag-inom ng alak – Huwag maniwala sa mga sabi-sabi na mabuti ang red wine para sa iyo. Kapag nasobrahan ka sa alak ay masisira ang iyong atay, bituka at utak.
9. Mag-ehersisyo – Ang tamang pag-e-ehersisyo ay 30 minutos hanggang 1 oras, at gawin ito ng 3-5 beses sa isang linggo. Huwag din magpataba.
10. Alamin ang BP –Ang normal na blood pressure ay 120 over 80. Kapag lumampas ka sa 140 over 90, ang ibig sabihin ay may altapresyon ka na. Magpatingin sa doktor.
11. Magbawas ng stress – Masama ang stress sa ating katawan dahil naglalabas ito ng cortisol. Ang cortisol ay nakasisira sa ating mga organo.
12. Magpabakuna – Para sa mga edad 50 pataas, kailangan ninyo magpabakuna laban sa Pulmonya at Trangkaso. Ang tawag dito ay pneumonia vaccine at flu vaccine. Sa mga kabataan, magpacheck din kung kailangan ninyo ng Hepatitis B vaccine.

Hindi mahal ang magpa-check up. Sa katunayan ay mas hahaba pa ang iyong buhay. Sana ay nakumbinsi natin ang mga lalaki na alagaan ang kanilang sarili.




# EDITORYAL - Smuggling ng gulay, lokal na magsasaka ang pinapatay

Patuloy ang pagdagsa ng imported na gulay sa bansa – karamihan ay produced ng China. Sa Divisoria at Blumentritt market, pawang imported na carrots ang itinitinda. Hindi maipagkakaila ang imported carrots sapagkat malalaki ang mga ito.

Hindi lamang carrots ang dumadagsa kundi pati na rin imported na luya, bawang, repolyo, cauliflower at pati strawberries. Patuloy ang vegetable smuggling at walang ibang namatay kundi ang mga lokal na maggugulay. Bigumbigo ang mga nagtatanim ng carrots sa Benguet sapagkat nawalan sila ng ikinabu-buhay. Ang dati raw 200 sako ng carrots na dinadala nila sa Maynila ay naging 100 sako na lang dahil sa bumaha na ang imported sa mga palengke sa Metro Manila.

Sabi ni Agot Balanoy, spokesperson ng League of Association at La Trinidad Vegetable Trading Area, P2.5 milyon ang nawawala sa mga magsasaka ng gulay partikular ang carrots dahil sa pagdagsa ng imported. Ayon pa kay Balanoy, 130,000 magtatanim- ng carrots ang apektado ng smuggling. Sinabi rin niya na walang ginagawa ang mga kongresista para mapigil ang smuggling ng gulay. Wala umanong maa-asahan sa kanilang caretaker na pawang pangako lamang.

Sa hearing ng Senado noong Lunes, sinabi ng mga senador na may mga matataas na opisyal ng pamahalaan, kabilang ang mga pulitiko ang nasa likod nang malawakang smuggling ng gulay. Ginisa ng mga senador ang opisyal ng Department of Agri-culture at Bureau of Customs dahil sa pagbaha ng mga imported na gulay na karamihan ay galing China. Ayon sa mga senador, walang ginagawa ang DA at BOC sa nagaganap na smuggling ng gulay.

Noong nakaraang Disyembre 2021 sinabi ni Agriculture Sec. William Dar na paiimbestigahan daw niya ang pagdagsa ng mga gulay. Ipakukumpiska umano niya ang mga ito. Wala raw siyang inaawtorisa sa DA na mag-import ng gulay at prutas. Subalit walang nangyari sa sinasabing imbestigasyon at hindi rin kinumpiska ang mga gulay bagkus dumami pa.

Kailangan pa ang masusing imbestigasyon sa DA at BOC kung bakit patuloy ang smuggling ng gulay. Sila ang dapat managot sa nangyayaring ito. Sila ang dahilan kung bakit nawawalan ng ikinabu-buhay ang mga lokal na magsasaka ng gulay.

***EDITOR'S NOTE:***
All comments and opinions submitted by our contributing writers and herein published shall remain as personal opinion of our column writers. Viewliner shall not be held liable to any legal issues related to any commentaries that may appear herein.




PAHAYAGAN NG Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at Unit-D 147 Panapaan IV, P.F. Espiritu IV, Bacoor, Cavite 4102.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com
Email: pahayagancavite@gmail.com
Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003
PAPER Ph MEMBER
ERNA BALAGTAS ANCHETA
Publisher
DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.
Editor-In-Chief
DIOSAN MARUAL
KCEE NACION
Marketing & Circulation Manager
ATTY. EVELYN R. DOMINGUEZ
Legal Counsel

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |

# TULONG PARA SA MGA APEKTADO NG BULKANG TAAL, SINISIGURO NG DSWD

Tinitiyak ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) ang paglalaan ng pondo bilang tugon sa pangangailangan ng mga apektado ng kamakailang pag-alboroto ng Bulkang Taal.

Iniulat ni DSWD Sec. Rolando Bautista na mayroong higit isang bilyong piso ang halaga ng pondo na nakalaan upang mahatiran ng tulong ang mga residenteng apektado.

"Ang DSWD po ay handang magbigay ng kaukulang tulong sa anumang sakuna. Kaya makikita po natin dito na halos P1.154 bilyong halaga ng standby funds at stockpile ang buong ahensiya," pahayag niya.

Bukod rito, mayroon na ring kaukulang pagkain at mga gamit na nagkakahalaga ng P80-milyon ang nakalaan sa General Mariano Alvarez Warehouse ng Cavite at Batangas Sports Complex para sa maagap na tugon ng pangangailangan ng mga apektado.

Dagdag pa aniya rito ang iba pang tulong tulad ng pagkakaroon ng advanced satellite office sa Provincial Operations Center upang matukoy ang kalagayan ng relief operations, gayundin ang pagpapalawig ng telecommunication equipments.

Nakikipag-ugnayan na rin ang DSWD katuwang ang World Food Programme at Philippine Disaster Resilience Foundation para sa karagdagang pangangailang transportasyon na maaaring magamit ng ahensiya. Mayroon na rin umanong mga volunteers upang makatulong sa pagre-repack ng mga relief goods, gayundin ang pagbibigay ng malinis na tubig, sanitation at hygiene facilities.

"Of course, katulong dito ang mga social workers din ng lokal na pamahalaan. Nagbibigay din po tayo ng psychosocial interventions sa mga kliyente sa evacuation centers. Kasama po natin dito ang mga miyembro ng local DOH," aniya.

Sa tala, aabot sa 1,600 na pamilya ang apektado ng kamakailang aktibidad ng bulkan.

## FULL PASSENGER CAPACITY ALLOWED IN ALL PORTS NATIONWIDE

The Philippine Ports Authority (PPA) has allowed to increase the passenger capacity in ports nationwide back to 100 percent as most parts of the country are under Covid Alert Level 1.

PPA General Manager Atty. Jay Daniel Santiago said that the move was prompted by the decreasing Covid-19 cases and easing of quarantine restrictions in the country.

"Dahil sa pagbaba ng Alert Level 1 pinayagan na po na mag-100 percent capacity ang ating sasakyang pandagat pati ang mga pantalan ay 100 percent capacity sa mananakay," Santiago explained over Laging Handa briefing.

Although the agency already allowed ports to operate at full capacity, Santiago said that passengers must present necessary documents to specific local government units (LGUs) since some areas are still under Alert Level 2.

He added that passengers must present a vaccination card and observe health and safety protocols such as wearing facemasks, social distancing, and checking their temperatures.

Since the easing of restrictions, Santiago said that PPA has recorded an increase in passengers and expects more travelers for the upcoming Holy Week from April 10 to 16.




"Mas marami na po ang mananakay ngayon bagamat di tayo umaabot sa level ng pre-pandemic na pasahero, but definitely dumadami na ang kababayan natin na bumabyahe," Santiago said.

He also assured the public that the PPA recorded a 96 percent vaccination rate among its employees, personnel, and security guards. Less than four percent of personnel are either hesitant to get inoculated or have comorbidities.

The Department of Environment and Natural Resources thru the EMB Central Office presents its first virtual youth camp, CAMP LUNTIAN: Earth Day Youth Camp.

CAMP LUNTIAN is a virtual workshop that promotes environmentalism through diverse media such as art, music, and journalism. To be conducted on April 19, 20, and 21, 2022, this three-day event includes webinars, games, and interactive workshops.

This activity is inspired by this year's Earth Day theme, Invest in Our Planet where the goal is to engage more than 1 billion people, governments, and institutions, along with businesses to act boldly, innovate broadly, and implement equitably for the sake of our planet. This activity is open to all Filipino citizens ages 16-25 years old.

Click here https://bit.ly/CAMPLUNTIAN for more information.

#EarthDay2022

#InvestinOurPlanet




## GUHIT NG KAPALARAN

ARIES: (Mar. 21- Abr. 19) Piliting maging mapagpasensiya kahit pikon na pikon na. Walang magandang maidudulot kung paiiralin ang galit. Tiyak na makapagsasalita lamang ng hindi maganda at makakasakit ng damdamin ng iba. Lucky numbers at color for the day ang 9, 18, 26, 39 at pink.

TAURUS: (Abr. 20 - May. 20) Asikasuhin ang higit na importanteng bagay. Huwag hayaang ma-naig ang depresyon na nararamdaman. Lucky numbers at color for the day ang 10, 18, 22, 37 at maroon.

GEMINI: (May 21- Hun. 21) Ihanda ang sarili sa problema ng kaibigan. Tiyaking hindi madadala, kundi wala kang maitutulong sa kanya. Lucky numbers at color for the day ang 6, 17, 32, 45 at beige.

CANCER: (Hun. 2 - Hul. 22) Pakiramdam mo ay walang nakakaintindi sa nais na mangyari. Pero huwag mawalan ng pag-asa. Lucky numbers at color for the day ang 17, 20, 31, 40 at emerald green.

LEO: (Hul. 23 - Ago. 22) Masaya ang buong araw dahil nakatitiyak na mahal ka pa rin ng iyong partner sa kabila ng mga pagkukulang. Lucky numbers at color for the day ang 9, 18, 27, 44 at tangerine.

VIRGO: (Ago. 23 - Set. 23) Hindi maiiwasan na maiyak sa mga nangyayaring 'di maganda. Huwag mawalan ng tiwala sa sarili. Lucky numbers at color for the day ang 7, 16, 23, 39 at flaming red.

LIBRA: (Set. 24 - Okt. 23) Ipaunawa sa kasamahan na hindi mo layuning ipahiya siya, kundi itama lang ang kanyang pagkakamali. Lucky numbers at color for the day ang 9, 23, 36, 40 at mint green.

SCORPIO: (Okt. 24 - Nob. 22) Yayain ang kapatid na mamasyal. Mapagtatantong ang dami n'yo na palang hindi napagkukuwentuhan. Lucky numbers at color for the day ang 3, 11, 35, 42 at gray.

SAGITTARIUS: (Nob. 23 - Dis. 21) Wala kang dapat alalahanin kung may mga bagay na hindi natapos. Humingi lang tulong kung gahol na sa oras. Lucky numbers at color for the day ang 6, 14, 28, 44 at blue.

CAPRICORN: (Dis. 22 - Ene. 19) Hindi umaayon ang mga bagay-bagay na gustong mangyari. Huwag mabahala dahil magiging maayos din ang lahat. Lucky numbers at color for the day ang 2, 19, 25, 37 at tan.

AQUARIUS: (Ene. 20 - Peb. 18) Umuwi na lang at magpahinga kung hindi kaya ng katawan ang trabaho. Sikaping makapag-relax. Lucky numbers at color for the day ang 7, 18, 23, 39 at peach.

PISCES: (Peb. 19 - Mar. 20) Sikapin kung ano ang magagawang tulong sa kaibigan. Darating ang panahong sila naman ang tutulong sa'yo. Lucky numbers at color for the day ang 1, 9, 15, 34 at green.

# IATF AMENDS CRITERIA FOR DE-ESCALATION TO ALERT LEVEL 1



The Inter-Agency Task Force (IATF) for the Management of Emerging Infectious Diseases has approved the amendments to the guidelines on the implementation of Covid-19 Alert Level 1, Malacañang announced.

In a virtual Palace briefing on Friday, Communications Undersecretary Kris Ablan said the IATF issued Resolution No. 165 amending Resolutions No. 163 and 164, which provides the criteria for the de-escalation of provinces, highly urbanized cities (HUCs), and independent component cities (ICCs) to Alert Level 1.

"Sinama ang municipalities sa maaaring ma-de-escalate sa Alert Level 1," Ablan said.

"Kaugnay nito, idinagdag ang low-risk total bed utilization rate ng mga probinsiya o rehiyon bilang criterion sa component cities at sa mga municipalities (With this, the low-risk total bed utilization rate of the provinces or regions was added as a criterion in the component cities and the municipalities)," he added.

Also among the criteria for de-escalation is a total bed utilization rate of less than 50 percent. For municipalities, this means a low-risk total bed utilization rate of their province and/or region.

Other criteria include full vaccination of 70 percent of its target population (denominator is 80 percent of its total population) and full vaccination of 70 percent of its Priority Group A2 (Senior Citizens) target population (denominator is 85 percent of A2 population).

Metro Manila is currently under the least restrictive Alert Level 1 and 47 other areas across the country until March 31.

Under Alert Level 1, there are no restrictions in terms of indoor and outdoor capacities. Everyone can undertake intrazonal and interzonal travel without regard to age and even comorbidities.

All establishments, persons, or activities are likewise allowed to operate, work, or be undertaken at total on-site or venue seating capacity, provided these are consistent with minimum public health standards.

The IATF also earlier allowed colleges and universities in areas under Alert Level 1 to hold face-to-face classes with 100 percent of the classrooms' capacity but will only allow fully vaccinated teachers, non-teaching personnel, and students.




PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
VOL. 21 NO. 06 APRIL 4 - 10, 2022 10.00

# ILANG BPO WORKERS, POSIBLENG MAGRESIGN KAPAG ITINIGIL NA ANG WFH SET UP - ACCW



Tinatayang malaking bilang ng mga empleyado mula sa information technology-business process outsourcing (IT-BPO) sector ang magbibitiw sa kanilang trabaho kapag itinigil na ang work-from-home set up ngayong darating na Abril, ayon sa Alliance of Call Center Workers (ACCW).

"There's a significant number of workers na willing na mag-resign," pahayag ng kinatawan ng ACCW na si Emman David sa isang virtual press conference na isinagawa nitong Huwebes.

Subalit nilinaw naman ni David na hindi ang utos ng pamahalaan na magbalik-opisina ang dahilan ng pagreresign ng mga BPO workers.

"It's not really mass resign as in protesta pero mass resignation as in hindi magiging madali sa kanila ang transition to work on-site kasi. For one thing marami nang bumalik sa probinsya, marami na ang nag-give up ng living arrangements sa Metro Manila tapos kung babalik ka sa office kailangan mo uling mangupahan," paglilinaw nito.

"It's more of a sign of inconvenience [that you'd] rather take the chance of working elsewhere than in physical offices," dagdag pa ni David.

Matatandaang hindi inaprubahan ng Fiscal Incentives Review Board (FIRB) ang hiling na "extension" ng remote work arrangements na nakatakdang magtapos ngayong Marso 31.

Samantala, inanunsyo rin ng pamahalaan na sa darating na Abril 1, balik-opisina ng mga BPO workers.

Ayon sa Philippine Economic Zone Authority (PEZA), iaapela nila ang naging desisyon ng FIRB.

Paglilinaw naman ng Department of Finance (DOF), parent agency ng FIRB, maaari pa ring ipagpatuloy ng ilang kumpanya ang WFH arrangements ngunit mawawala ang kanilang tax incentives kagaya ng income tax holidays at 5% tax on gross income sa kanilang mga kita.

Ayon kay Lara Melencio, miyembro ng ACCW, tinatayang apat o limang IT-BPO firms na ang nagpasyang alisin ang kanilang tax incentives upang payagang ipagpatuloy ang kanilang WFH set up.

"It's inhumane how we are being treated as mere numbers that provide results. We are appealing to [you to] give us enough time for transition and give us the choice to either work from home or work from the office," pahayag ni Melencio.

